

Hashtag, Hugot, at Feels

A 7 Day Social Media Challenge

Sinulat ni Kim Derla

Introduction

Ang bilis na ng ikot ng mundo. Ni hindi na natin namamalayan ang oras. Lahat na ata ng taong naglalakad, nakatutok sa kani-kanilang smartphones. Lahat na ata ng nakasakay sa jeep ay may nakasaksak na earphone at nakikinig ng kanta. Lahat na rin ata ng naghihintay ng sasakyan sa pila ay nanonood ng kaniya-kaniyang drama. Sa paglalakad, mapapansing may kumukuha ng larawan at video ng paligid nila. Minsan, nakakalimutan na natin kung paanong magsabi ng kumusta sa ating kapwa. Sa ganitong uri ng mundo, mahahanap pa ba natin ang tunay na pag-ibig? May pagkakataon pa ba tayong magbigay ng oras sa iba?

Kapag wala bang nag-like ng status o update ko, ibig ba sabihin nitong mag-isa lang ako?

Likes. Comments. Shares. Dumating na tayo sa *instant gratification*, mabilisang basa, at paghihintay ng samu't saring reply mula sa mga kakilala at minsan, sa hindi natin kakilala. Sa bilis ng ikot ng mundo, mas bumibilis ang demand nito para humingi ng affirmation mula sa iba. Sa validation na ito, nahahanap natin ang self-worth. Sa social media na natin iniasa ang ating value o pagpapahalaga sa sarili. Naglalagay tayo ng photos dito. Isinusulat rin dito ang iniisip natin. May iba ngang dito na humahanap ng love life. Kaya lang, gusto ko lang ipaalala sa iyo, na hindi makukuha sa likes, comments, at shares ang tunay na hinahanap mo. Hindi ka nag-iisa. May kasama ka palagi.

Huminto ka muna. Huminga nang malalim. Ilayo mo muna ang sarili mo sa mundo ng gulo at pagnilayan ang bawat pangyayaring hindi natin napapansin dahil madalas ay nakatutok tayo sa ating gadgets at devices. G? G.

1: Hashtags ng Buhay

Maraming eksenang matatagpuan sa pagbibiyaha sa kalsada. Madalas, maaaring dito mo matututunan ang mga bagay na hindi mo pa nababasa sa aklat o naririnig sa kanino man. Ang kailangan lang natin ay magmasid.

Estudyante ka man o nagtatrabaho na, hindi ka exempted kapag nagkaroon na ng heavy traffic sa daan. Wala kang magagawa kasi sadya atang dito na nakilala ang Maynila at ang Pilipinas. Pero ang maganda, sa mga biyaheng ito, marami kang pwedeng matutunan. Hindi ko talaga inasahang may ipapaalala ng traffic sa akin.

#Siksikan at #Traffic

“Ang pagpasok sa kaharian ng Diyos ay katulad ng pagpasok ng kamelyo sa masikip na butas ng karayom.” Ito ang bahagi ng gospel na naalala ko noong sumakay ako sa bus.

Imagine EDSA. Malawak na kalsada. Malalaking bus. Nagsisiksikang sasakyan. Sandamakmak na taong tumatawid. Ang MRT na madalas ay nasisiraan. Imagine EDSA tapos mag-isa ka pa. (Joke lang. Marami ka namang kasabay tumawid.)

Nakatayo ako sa may Crossings, Mandaluyong ako noon. Nasa tapat ako ng hintayan ng bus sa Star Mall. Sumakay ako ng bus papuntang Ayala. Sa likod ako naupo kasi walang masyadong tao roon.

Tuwing tumitigil ang bus sa bus stop, isa-isang nagbababaaan at nagsasakayan ang mga tao sa bus. Nang huminto ang bus sa Guadalupe sa may Makati, maraming bumaba at marami ring sumakay dito. Nang huminto ang bus sa may Ayala Avenue, higit na marami ring sumakay rito.

Dumami ang nakasakay sa loob ng bus hanggang may pasaherong nakatayo sa gitna.

Ang masamang balita: Kailangan ko nang bumaba. Nakahinto na ang bus sa bababaan ko. Nang sumigaw ako ng “Kuya, may bababa!” May isang manang ang napaismid.

Nagtinginan lahat ng pasaherong nakaharang sa daan. Na-stress ata lahat ng nakatayo sa gitnang bahagi ng bus. Ang sikip-sikip na nga tapos makikiraan pa ako. Ang laki pa ng bag na dala ko, so paano?

Nanguna ‘yung pahinante ng bus—si Manong. Kinuha niya ang bag ko at ipinasa sa harapan. Nanguna siya at hinawi ang mga pasahero. Itinuro niya ako papalabas ng bus. Kung hindi dahil sa kanya, malamang, aabutin ako ng ilang taon bago makalabas.

Hindi ko maiwasang hindi mabunggo ‘yung nakatayo sa gitna ng bus. Sa siksikan ko naalala ‘yung pagpasok ng kamelyo sa butas ng karayom. Hindi ako camel, pero parang ganito ‘yung feeling na dumaan sa napakasikip na daan. Buti na lang, nand’yan si Manong na handang tumulong na palabasin ako.

Hashtags at Lessons ng Buhay

Sa maikling kwento ko, may natutunan ko sa mga importanteng tao at pangyayari. Ito marahil ang masasabi kong hashtags ng paglalakbay sa buhay.

#AngBuhayAylsangBiyaha

Una, ang buhay ay isang biyahe. Sa kwento ko, akala ko walang masyadong hassle dahil hindi puno ang bus. Sa likuran ako umupo dahil akala ko, magiging kalmado lang ang lahat. Habang nasa biyahe, unti-unting dumarami ang tao sa loob ng bus, patunay na hindi tayo nag-iisa sa mundong ito. May mga taong palaging nakapalibot sa atin—na kahit akala mo mag-isa ka, may mga tao kang kasama na hindi mo lang napapansin at naalala.

#ChallengingPeroWorthy

Pangalawa, sa buhay, hindi sapat na kalmado lang. Bibigyan ka ng challenge ni Lord, katulad na lang ng challenge bago ako bumaba ng bus. Nawindang ako dahil akala ko noong una, magiging smooth ang biyahe at ang pagbaba ko ng bus. Hindi pala nagtatapos ang biyahe sa ganoon. Nahirapan ako bago bumaba pero ang magandang balita: May mga taong palaging handang tumulong sa iyo.

Sadyang may oras na kung saan siksikan lahat ng problema sa utak natin. Consistent sila. 'Yung mga nansisiksik sa harapan natin, trials lang 'yan na kaya mong lagpasan. Minsan, kaya mo on your own, pero minsan, kailangan mo rin ng tulong ng iba.

#WeAreNeverAlone

Pangatlo, may taong aalalay sa iyo. Halos hindi na nga tayo makadaan sa sobrang dami ng problema sa buhay natin, pero at the end of the day, mapagtatagumpayan mo naman ang lahat dahil may mga taong handang tumulong sa iyo. God-sent sila. Parang anghel.

Noong sumakay ako sa isang masikip na daan palabas ng bus, lubos talaga akong nagpasalamat kay Manong na naging guide ko bilang pasahero. Katulad sa buhay natin, may mga taong tutulong sa atin. Hindi lang natin alam na and'yan sila dahil maaaring may pinagkakaabalahan tayong ibang bagay, o minsan, tao.

#WeAreLovedByOurParents

Narinig mo ba 'yung sikat na meme sa social media? Doon ka sa taong...

Doon ka sa taong handang magpakita sa iyo ng tamang daan. Doon ka sa taong handa kang pakisamahan. Doon ka sa taong handang iparamdam sa iyo na safe ka. Doon ka sa taong tunay na magpapakita sa iyo na masaya pala talagang mabuhay.

At this point, 'wag mong isipin si Manong na kinukwento ko. At this point, umisip ka ng taong naging gabay mo sa buhay. 'Yung taong pinakanagmamahal sa iyo. 'Yung taong tunay na LODI (idol) noong pagkapanganak pa lang sa iyo.

Naisip mo na?

Doon ka muna sa mga magulang mo.

Sometimes, we take people for granted. However, we don't realize that we are incomplete without them. Our parents are God-sent people to our lives.

Ang mga magulang natin ang tunay na nagmamahal at unang kumalinga sa atin. Simula pagkabata, hanggang sa tumanda tayo, sila ang mga unang taong nagparamdam sa atin kung ano ang pagmamahal. Iwan ka man ng lahat ng tao, ang mga magulang mo ang mananatili sa tabi mo. Gan'yan magmahal ang magulang.

Ang problema, minsan, sa paglaki natin, nagiging abala tayo sa ibang bagay. Sa mga estudyante, nagiging abala sila sa mga requirements sa eskwelahan. Marami silang kailangang basahin at pag-aralan. Sasabay pa ang issue nila sa buhay-kabataan. Mas marami silang issue dahil na rin sa mas dumaraming kaibigan sa paligid nila.

Minsan, nakakalimutan na nilang batiin ng magandang umaga ang kanilang magulang. Mas mahirap lalo ang ganitong sitwasyon kung nasa malayong lugar pa ang nanay o tatay nila. Madalas, occupied sila ng iba't ibang responsibilidad.

Sa mga nagtatrabaho naman, madalas silang abala sa mga demands ng pagiging empleyado nila. Maaaring abala rin sila sa business nila. May ilang aalis sa bahay ng madaling araw, at uuwi naman ng gabing-gabi na. May ilang young professional naman ang kailangang magtrabaho sa malayong lugar dahil doon may mas magandang oportunidad kaysa sa mga trabahong malapit sa kanila.

Ang masakit pa rito, ilang tao rin na nagkakaroon pa ng problema sa love life, kaibigan, at sarili. Dahil dito, mahirap nang makaalala sa mga magulang. Akala kasi nila, palaging ayos lang ang mga magulang. Hindi pala ganoon.

Bakit hindi mo subukang iparamdam sa kanila ang gabay, kalinga, at pagmamahal habang nabubuhay sila? A simple text message will do. A simple I love you will also do. Your parents love everything about you because you are their child.

#GodIsTheBestDriverEver

Hindi aandar ang bus ng walang driver. Ang driver ng bus na ito ang nakakaalam ng ruta ng lugar na pupuntahan natin. Sa buhay, may nag-iisang driver lang na nakakaalam ng patutunguhan natin—at 'yan ang Diyos. Siya ang nakakaalam kung saan tayo lahat tutungo. Sabi nga sa John, ang Diyos ang daan, katotohanan, at buhay. Literally at figuratively speaking, siya lahat ang mga ito. Take note, wala siyang hinihinging kapalit!

Pinaglingkuran niya tayo bilang Diyos at bilang tao. May mga panahong mas madalas natin siyang kinakalimutan pero hindi siya tumigil sa pagmamahal sa atin. Ilang ulit man tayong hindi magbayad ng pamasaha, aalalayan niya pa rin tayo at hindi iiwan sa daan. Siya 'yung handang dalhin ka sa lugar na dapat mong puntahan, kahit hindi mo pa alam ang lahat sa ngayon.

Kaya naman, habang bumibiyahe tayo sa mundong ibabaw, 'wag nating kalimutang magpasalamat sa Diyos. Hilingin natin sa kanya na pagpalain pa tayo ng kanyang habag at awa dahil isa lamang tayong pasahero sa napakalaking mundong ito.

#RoadtoHoliness

Alam mo bang may mga “biyahe” ring pinagdaanan ang mga alagad ni Hesus noong nabubugay pa sila? Kilala mo ba si St. Paul? Isa siya sa malulupit na persecutors ng mga Kristiyano noong panahon niya. Kilala siyang manlilitis at nagpaparusa sa mga tagasunod kay Kristo. Pero, habang naglalakbay siya, nakipag-usap ang Diyos sa kanya. Nabulag pa nga siya nang sandali. To make the long story short, nagkaroon siya ng conversion at siya naman ang naging tagapamahayag ng Salita ng Diyos. Isa siguro 'yon sa bonggang plot twist ni St. Paul sa buhay niya. Ang dami niyang natuklasan dahil lang sa mga himalang naganap sa kanyang paglalakbay.

Inaanyayahan rin tayong maging mapagnilay sa paglalakbay natin sa mundong ibabaw. Let us be mindful of our lives. Let us live a life according to what God plans us to be. It is indeed a fulfilling duty to be a Christian who travels to holiness.

Kaya, tara! Biyahe tayo papunta kay Kristo. Ang tunay na pag-ibig ay sa kanya lang matatagpuan.

Ikaw, anong hashtag mo? Share your learning from this chapter using a hashtag. For sure, may mga taong kailangan makarinig ng positive thoughts mo sa buhay!

2: Trending Sa Tamang Panahon

Madalas na nagtitrend ang mga bagay na “IN” at “SIKAT.” Lalo pa itong sisikat dahil sa ilang beses na nitong nai-share at nai-post sa social media accounts. Pero, may mga bagay na nagtitrend sa tamang panahon. Trend is just a matter of time, or perfect timing.

Deadlines

Noong estudyante ako, daig ko pa ang may kaaway sa tuwing may exam, projects, at competition kami sa eskwelahan. Nasanay na akong maging competitive kahit pa wala namang nagsasabi sa akin na galingan ko sa school. Siguro, nahihya lang rin ako sa mga nagpapaaral sa akin kaya naman laging pang-grand finals lahat ng performance. Noong last year ko sa high school (Grade 10 na siya tawagin ngayon), sobrang napagod ako. Sabi ko sa sarili ko, "Last na talaga 'to. 'Pag college ako, chill na."

Noong college naman ako, hindi na ako nagpapaka-stress at GC (grade conscious) sa mga projects ko. Noong gumawa kami ng thesis sa school, hindi kami nag-overnight at nagpakadalubhasa masyado. Kung anong makayanan, okay na. Wala namang pressure, kaya mabilis matapos. Nakapagtapos naman ako nang hindi masyadong stress.

Time Check

Lately, naisip ko na lahat pala ng ginawa ko noong estudyante ako ay walang panama sa mga responsibilidad ko ngayong nagtatrabaho na ako. Noon, marami namang projects at kailangan itong ipasa sa tamang oras. May choice naman kaming hindi magpasa at numerical grades lang ang kapalit. Hindi pa naman ata nakakamatay 'yung ganoon noon. Pwede namang bawiin next grading period. Ngayong nagtatrabaho na, maraming "projects" na required sa buhay na kailangang gawin, na wala naman choice kundi gawin pa rin. Mas marami na ring "classmates" na kailangang pakisamahan.

Para sa isang tipikal na Filipino na kailangang magtrabaho para masuklian ang pagpapaaral ng magulang, kailangan kong magtrabaho nang maigi para may ipantustos sa buhay. Wala namang pressure, pero meron pa ring responsibility na tinatawag. Napakaraming deadlines sa buhay ang kailangang bigyan ng pansin.

Pero bakit ko ba sinasabi ito? Kasi, noong estudyante ako, ayokong gumising nang maaga. Sabi ko pa sa sarili ko noon, "Kapag ako nagkatrabaho, hindi na ako gigising nang maaga." Kaya lang, mas malala pa pala kapag nagtrabaho ka na.

Kapag nagtatrabaho ka na kasi at pang-umaga ka, kailangan nang gumising nang mas maaga pa sa maaga. Grabe kasi tumira sa Maynila, kailangan talunin ang traffic. Kung hindi ka naman pang-umaga dahil grave yard shift ka, kailangan mong isakripisyon ang tulog mo. Tulog lang talaga ang labanan.

Sa ikalawa kong trabaho, kailangan kong gumising ng alas-kwatro ng umaga, umalis nang alas-singko, at dumating sa school (teacher ako, okay) ng alas-sais ng umaga. Kapag hindi ako nakaalis sa bahay ng alas-singko, mahuhuli na ako sa klase. Darating na ako ng alas-siyete ng umaga, na hindi naman pwede dahil nga ito rin ang oras ng simula ng klase namin. Kawawa naman 'yung mga estudyante kung mahuhuli si teacher

sa klase. Sa madaling sabi, ayoko lang talagang ma-late dahil may mga estudyante akong naghihintay.

May isang araw na walang pasok 'yung mga bata. Ako naman, naging relaxed ako masyado sa bahay at hindi na masyadong gumising nang maaga. Nagpaubaya na lang ako sa traffic kung anong balak nitong gawin sa akin. Wala namang batang maiiwan kung ma-late ako sa klase. Tsaka, wala naman masyadong gagawin ang teachers noon.

Dahil sa kalagayan ng damdamin ko noong araw na 'yon, sabi sa relo ko, 6:55 na pero kababa ko pa lang galing sa UV Express. Kailangan kong makapasok at makapag-log in sa school ng 7:00. Kaya lang, kailangan ko ng sampung minuto para gawin 'yon. Ang masaklap, medyo matarik kasi 'yung school namin. Pataas siya. Para nga kaming umaakyat ng bundok araw-araw sa taas ng dadaanan.

Sabi ko na lang sa sarili ko, "Sige, Kim, bilisan mo na lang lumakad, baka naman kaya pang makahabol." Kaya, binilisan ko talaga pag-akyat ng school. Halos tumakbo na ako. Kaya lang, hindi ko pa mabilisan nang mabilis talaga gawa nga ng bago 'yung sapatos na suot ko noon. May paltos na rin lahat ng parts ng daliri ko sa paa kaya sobrang hirap lang talagang tumakbo noon. Wala akong choice, binagalan ko na lang 'yung lakad, at tahimik na nanalangin na sana biglang magbago 'yung oras. Sana nasira 'yung machine sa school (joke lang) o kaya, sana biglang ma-cancel 'yung klase.

Habang naglalakad, umaasa ako na sana makarating ako sa paroroonan nang hindi pa huli ang lahat. May grace period pa naman kami na five minutes, kaya lang, late pa rin, pero, at least, walang salary deduction.

Marami pala akong kasabay umakyat ng school. Lahat sila, nagmamadali. Lahat sila nagsisikap na hindi mahuli. Lahat sila, nagbabaka-sakaling hindi mahuli. May mga nauna nang mag-in sa oras ng school. May mga katulad ko ring medyo nahuhuli na, at may mga mas nahuli pa sa akin. Ang dami kong naiisip habang naglalakad kasi gusto ko na lang i-comfort 'yung sarili ko dahil nga late ako.

Sa awa naman ng Diyos, dumating ako sa school ng 7:01 ng umaga. Advance pala 'yung relo ko masyado, at Philippine Standard Time 'yung sa school. Nakahinga ako nang maluwag noong nakarating ako sa school within grace period. Buti na lang, may grace period kaya hindi ako masyadong considered na late.

Noong makapirma na ako sa log-in sheet sa school, marami akong napagnilayan. Sa isip-isip ko, ang dami kong "ganap" sa buhay. Ang dami kong gustong gawin. Masyado akong competitive kahit wala namang kailangang patunayan sa sarili. Masyadong mataas ang expectations ko sa sarili ko. Gusto ko laging sumabay sa agos ng buhay. Competitive ako masyado sa sarili ko.

Ganoon ka rin ba?

Dumating ka na ba sa punto ng buhay mo na ang dami-dami mong gustong patunayan sa sarili. Umabot ka na ba sa pagse-set up ng relo mo in advance para hindi ka mahuli sa buhay? Masyado ka na rin bang nagmamadali?

Dahil sa materyalismo na alok ng mundo, hindi natin maiwasang makisabay dito. Ito kasi ang uso, ito kasi ang “in.” Dahil sa konsepto ng American dream (bahay, kotse, at maayos na trabaho), nakakalimutan na natin ang “God’s dream” para sa atin. Nakakalimutan na natin ang huminto, at ang magnilay sandali. Nawawala na tayo sa daan patungo sa pangarap ni Lord para sa atin.

Deadlines. Time check. Minsan, gusto nating maabot ang tuktok ng pangarap natin nang maaga. Gusto nating maging successful habang bata pa tayo, kasi the earlier, the better.

Grabe kaya palakpakan ‘yung mga batang may narating na sa buhay. Wala namang masama roon, kaya lang, nakakalimutan natin na bawat tao ay may kanya-kanyang pacing sa buhay. May sarili tayong timeline. At nasa “God’s dream” iyon.

Friendly Reminder

Una, hindi ka pini-pressure ni Lord. Pangalawa, kailangan mong magtiwala sa sarili mong pacing. Pangatlo, magpahinga ka sa panahong pagod na pagod ka na.

Sabi nga sa Bibliya, “We may have plans, but the Lord has better plans for us.”

Napatunayan na ito nang maraming mananampalataya. May kaibigan akong ace sa isang BPO company noon. May pangyayari sa buhay niya ang nag-require sa kanya na mamalagi na lang sa bahay.

Ngayon, isa na siyang successful freelancer writer at home-based worker. Published writer na rin siya. Hindi niya na kailangan pumunta ng Makati araw-araw at makipagsiksikan sa MRT at sa mga bus para lang magtrabaho.

Hindi niya naman ginusto ang pagkakasakit niya, pero, dahil sa pangyayaring ito sa buhay niya, naramdaman niya ang mas magandang plano sa kanya ni Lord. Ngayon, masaya siyang tinutupad ang pangarap niya sa buhay kahit siya ay nasa bahay.

Originally, blog post itong chapter na ito. Naipabasa ko na ito sa mga readers ng blog ko, at may nagbabasa rin na co-teachers ko nito. Pagkatapos kong ma-post ito, nagpadala ng message ‘yung co-teacher ko sa akin. Natuwa naman siya sa konsepto ng oras na nabanggit dito.

Nag-aaral kasi siya ng Master’s degree niya sa isang sikat na school sa Katipunan, Quezon City. Dahil sa dami niyang ganap, hindi niya maiwasang mag-file ng leave from graduate school. Sobrang tagal niya bago maka-graduate ng M.A.. Usually, dalawa

hanggang tatlong taon lang naman ang M.A., pero, halos mahigit limang taon na rin ang nakakaraan pero hindi pa rin siya tapos. Nakatapos naman siya eventually.

Sabi niya, “Miss Derla, na-touch ako sa blog post mo. Ako kasi, I didn’t finish my MA on time, but then, I made it, in God’s grace.” (Hindi verbatim ito dahil wala naman akong commendable memory. Ganito ‘yung message niya sa akin.)

May ganito tayong moments sa buhay. Akala natin, sobrang late na tayo sa mga kailangan nating makamit. Masyado nating sinasabihan ang sarili natin na kailangan ganito, kailangan ganiyan. Nakakalimutan natin na laging may “grade period” at tamang panahon sa lahat. Magkakaroon tayo ng “trending” moment sa buhay sa tamang panahon.

Sabi sa Ecclesiastes 3:11 na nagsasabing, “There is a time for everything.”

Lahat tayo may kanya-kanyang pacing sa buhay. May mga taong mas maaga lang makatapos, may medyo delayed lang rin, pero tandaan nating hindi naman nagpapabaya si Lord sa atin.

May dahilan ang lahat ng pangyayari sa buhay. Kailangan mong magtiwala sa proseso, at magtiwala sa plano ng Diyos para sa iyo. Hindi tayo pare-pareho ng deadline, hindi natin kailangan makapag-in ng pare-parehong oras.

Sa kwento ko kanina, nagkataon na bago ‘yung suot kong sapatos noong araw na iyon. Wala akong choice kung hindi bagalan ang lakad ko, unless, gusto kong masugatan ‘yung mga paa ko. Katulad sa buhay, kailangan nating mag-slow down dahil kung hindi, maaaring masaktan lang natin ang ating sarili, physically, emotionally, at mentally (wholeheartedly).

Pwedeng magpahinga pero hindi pwedeng sumuko. Pansinin ang salitang pahinga. Galing ito sa salitang-ugat na *hinga*. Paalala siguro na kailangan nating huminga. Baka masyado ka nang nagmamadali sa buhay at nakakalimutan mo nang huminga. Nangyayari ‘yan, araw-araw, kapag hindi conscious breathing ang paghinga, nakakapagod.

Ang buhay natin ay puno ng pagmamadali, pagpapakapagod, at pagpapakahirap. Minsan, nakakatuwa, dahil may nakikita tayong resulta pagkatapos, pero minsan, nakakalungkot na rin ang sobrang pagod. Hindi naman kasi natatapos ang pagnanais ng tao sa mundo. Mahirap tayong makuntento ng mga materyal na bagay. Hanapin mo ang tunay mong pangarap kasama ang Diyos. Hindi ka niya pipilitin, hindi ka niya bibigyan ng deadline. Ang pangako niya sa iyo ay isang buhay na walang hanggan sa piling niya.

Hintayin natin ang tamang oras ng Diyos para sa lahat. Hintayin natin ito kahit hindi natin alam kung kailan.

Ikaw? When was the last time na down na down ka? Naka-recover ka na ba? Ano ngayon ang mensahe mo para sa ibang down at this very moment?

Share it in any of your social media accounts now.

3: Real Life Events (Scheduled and not Scheduled)

May mahalaga sa ordinary. May espesyal sa mga bagay o pangyayari na akala natin ay wala lang at bigla na lang nangyari. Sa social media nga, may pa-event pang tinatawag. Sa buhay natin, napakaraming event. Ikaw na ang bahalang pumansin ng mahahalagang pangyayaring ito.

Random Act of Kindness

Maraming events sa buhay natin. Kapag estudyante ka, marami kang okasyon sa school na kailangang gawin. Kapag empleyado ka, marami ka ring dapat gawin sa trabaho. Dahil sa dami ng ating ginagawa, hindi na natin na-a-appreciate 'yung simpleng bagay sa buhay katulad ng pag-ihip ng hangin at paghuni ng ibon, mga batang buong galak na nagtatawanan, at pati na rin ang mga simpleng mamamayan sa paligid natin. Minsan nga, nakatutok na lang tayo sa mga gadgets natin (ako rin guilty!) at nabibigo tayong mapansin ang maliliit na bagay na pwedeng pagmulan ng biyaya ng Diyos.

Special ang chapter na ito dahil nasa isang convenience store ako sa Makati habang tinitipa ko ang keyboard ng laptop. Nagsusulat ako habang naghihintay sa kasama ko. Pero, sa gitna ng plano kong isulat, may mga random na ideya ang susulpot. Parang kindness lang, hindi lang siya basta pinaplano, minsan, random rin, kailangan nga lang pansinin.

Event 1: Meet Manong with a Toy

May isang matandang lalaking pumasok sa convenience store. May dala siyang protective gear/hat na gamit ng mga construction worker. Nakasuot siya ng sando, tsinelas, at simpleng shorts na nadumihan ng grasa at lupa gawa na nga siguro ng trabaho niya. Pumasok siya ng tindahan na nagsasayaw sa tugtog sa loob. Mukha naman siyang nasa tamang pag-iisip. Kumuha siya ng inumin sa tabi, nagbayad, at umupo nang maayos. Nagpapatugtog sa convenience store ng Taylor Swift na kanta, nag-tap si Manong as if may hawak siyang sticks ng drums. Nakatingin siya sa kalsada sa labas, at lalagok ng binili niyang inumin.

May mag-inang kumakain ng manok na may makapal na balat habang may hawak naman na chocolate chip ang bata. Tinitignan ng bata 'yung manong na katabi nila. Mapapatingin naman talaga kahit sino gawa nga ng ginagawang pagsayaw ni Manong, at pagpapatugtog ng imaginary drum sticks niya. Mayamaya, biglang umiyak 'yung bata. Pinatahan siya ng nanay niya at dahan-dahang inalo habang tumigil ang bata sa pag-iyak. Napansin ni Manong na umiiyak ang bata. Nagulat ako sa sunod niyang ginawa.

Binigyan ni Manong ng laruan 'yung bata. Inabutan niya ito ng maliit na orange na bolang wari ay basketball. Kinuha ito ng bata, mas lalo itong napirmi at tumigil sa pag-iyak. Ngumiti si Manong at nilaro ang bata. Syempre, hindi naman 'yung larong close na sila, 'yung kunwari kakausapin ni Manong 'yung bata tapos ngingiti-ngiti lang siya. Medyo cold lang 'yung nanay ng bata dahil nga kakaiba 'yung dating ni Manong para sa isang normal convenience store customer.

Kung iisipin, masyadong judgmental 'yung pagkakalarawan kay Manong, pero sa kabila ng judgment na ito, mabait talaga si Manong sa bata. By mabait, ang ibig kong sabihin, ay 'yung isa siyang estranghero sa mundo at mata ng mga perfectionists na taong nagsabi na "Don't talk to strangers." Hindi lang nakipag-usap si Manong sa bata, binigyan niya rin ito ng bola, at sinubukang makipaglaro sa kanya. Sa kabila ng "Don't talk to strangers" na kasabihan, galak na galak pa rin si Manong na maging mabuti.

Maraming simpleng kabutihan ang nangyayari sa araw-araw na pamumuhay natin. Hindi lang natin masyadong napapansin 'yung mga positibong balita dahil nga bombarded na ng masamang balita ang telebisyon, at ng fake news ang social media platforms. Nawawala na sa atin ang pagiging mapagmalasakit dahil nga nangingibabaw pa rin ang play-safe na konsepto at makasarili natin. Hindi naman masamang maging aware tayo sa "kapahamakan" na pwedeng mangyari sa araw-araw.

Hindi masamang maging safe, ang masama ay dahil sa sobrang safety at security natin, masyado na tayong nakakulong sa sarili. Masyado na nating nililimitahan ang tao na maging mabuti sa atin. Masyado na nating ikinukulong ang sarili natin sa comfort zone. Nawawalan na tayo ng panahong tumingin sa mabuting side ng buhay.

Ganito rin ako pinalaki ng lola ko. Noong college nga ako, paulit-ulit akong sinasabihan ni lola ko na sa tuwing sasakay ako ng jeep, hawakan kong maiigi ang bag ko. (Ginawa ko naman, pero hindi naman sinabi ni lola na 'wag akong matulog sa jeep. May oras na hindi talaga ako gising sa biyahe.) Mahirap manakawan. Simula noon, inisip kong hindi ako makikipag-usap sa hindi ko kilala, lalo na sa jeep. Kaya lang, dumating 'yung panahon na nabasag 'yung ganitong paniniwala ko sa mundo.

Hindi mukhang rich kid si Manong, pero nagawa pa rin niyang tumulong sa iba. Ang random act of kindness na ito ay hindi lang natapos sa isang pangyayari. May isa pa.

Event 2: Meet Ate Girl with a Payong

Isang araw, pauwi na ako at papunta na sa paradahan ng jeep sa may Mandaluyong. May biyahe kasi ang jeep na diretso na sa amin sa Rizal, kaya dito ako sumasakay para isang sakayan na lang ako. Alas-singko na ng hapon noon. Habang nasa daan pa lang ako, unti-unting bumagsak ang mga patak ng ulan. Bad news, wala akong payong. Hindi ko na pinansin 'yung ambon, kasi sa isip-isip ko, mahina pa naman 'yung ulan e. Madali pa naman akong makakasakay sa jeep. Minsan, ganito ako kapositibo sa buhay.

Nang makarating ako sa paradahan ng jeep, napansin kong mas lumakas ang ulan. Mas nagsimula nang lumaki ang mga patak nito. May babaeng nakapila sa harapan ko. May payong siya. Sa palagay ko, magkasing-edad lang kami at kung kakausapin ko siya, baka naman pwede niya akong isali sa ilalim ng payong niya.

Sa totoo lang, mga isang minuto ko rin pinag-isipan kung makikipayong ba ako sa kanya o hindi. Buti na lang, inudyok na ako ng basa kong gamit na magtanong sa babae kung pwedeng pasilungin niya na ako.

Pumayag si Ate. Grabe. Para akong binigyan ng payong ni Lord ng mga oras na iyon. Nahihya talaga ako sa kanya kasi kasalanan ko naman na iwanan ko 'yung payong ko sa bahay dahil sa bigat nito. Sa kabila nito, pumayag si ate na nasa harapan ko. Pinayungan niya ako. Inalok ko pa siya na kung pwede, ako na lang ang hahawak ng payong, para ako na lang ang magpayong sa kanya, pero ayaw niya. Okay lang naman raw sa kanya. Mukhang sincere si Ate noon.

Habang nakisilong ako kay Ate, kinakausap ko siya para hindi naman awkward. Nakipagkaibigan na ako kay Ate. Todo kwento ako ng gawain ko sa buhay. Siya rin naman nagkukwento. Natuklasan kong halos mag-kapitbahay lang pala kami. Kakatapos lang rin niyang mag-aral at kasalukuyang nagtatrabaho sa Quezon City. Marami kaming napag-usapan. Naging magkaibigan kami nang sandaling oras na iyon.

Hashtag blessed talaga kasi hindi ako nabasa ng ulan, at nagkaroon ako ng kaibigan. Hindi ko inakala na sa ganitong pagkakataon ay bibigyan ako ni Lord ng tulong sa mga panahong ayaw kong makipag-usap sa iba. Pwede naman tumanggi si Ate, at magsungit, pero hindi niya iyon ginawa. Nagbahagi siya ng kung anong meron siya nang walang pag-aalinlangan. Hindi niya pinagkait ang simpleng bagay na iyon.

Takeaways!

May oras sa buhay natin na nauubusan na tayo ng tiwala sa mundo (o tao). Ayaw na nating buksan ang sarili sa iba dahil natatakot tayong masaktan, o mawalan. Ayaw na nating ibahagi ang sarili dahil alam natin ang pakiramdam ng mawalan. Kaya lang, kung patuloy nating iisipin ang ganitong bagay, hinding-hindi na natin mararamdaman ang

kabutihan na kaya pang ibigay ng mundo sa atin. Maraming random act of kindness sa mundo. May mga tao pa rin ang handang magparamdam sa iyo ng pagpapala ng Diyos. Si Manong at Ate sa kwento kanina, sa pamamagitan ng pagbabahagi ng kung anong meron sila, napatunayan nating hindi lang pala puro toxic news ang makikita natin. Maraming kayang ibigay ang Diyos sa atin na higit pa sa kaya nating isipin.

Ang tunay na kaligayahan ay mas nakikita sa pagbibigay, kaysa sa pagtanggap.

Nand'yan na tayo sa pagtanggap ng blessings ni Lord. Kaya lang, ano pang dapat mong gawin sa mga naibahagi mong biyaya? Ibahagi sa iba.

Sabi ni San Pablo sa mga taga-Corinto 4:1, "Let everyone see us as the servants of Christ and stewards of the secret works of God." Magbahagi tayo sa iba nang sa gayon ay maging tunay tayong lingkod ng Diyos. Mararamdaman rin ng ibang tao ang pagpapala ng Diyos sa kanila sa pamamagitan ng pagiging mabuti natin.

Minsan, ang hirap magbigay, baka kasi mawalan tayo. Baka kasi maubusan tayo. May paalala ang isang kanta sa atin. Sa isang kanta ni Mimo Perez, ito 'yung bahagi ng lyrics, "Basong may tubig, lagyan mong muli, aapaw dahil, wala ng silid." Sa pagbibigay natin ng ating sarili, napupuno tayo ng pagpapala ng Diyos.

Pwede ka namang magbigay, literally.

'Wag naman sanang palipasin ang chapter na ito na hindi ka gumagawa ng mabuti. Pushy na kung pushy, pero walang mawawala kung susubukan. Alam mo bang sa simpleng pagbibigay mo ng donasyon sa simbahan, makakatulong ka sa mga proyekto nila para sa mahihirap? Hindi lang sa simbahan, i-extend moa ng resources mo sa mga non-government organizations na ang goal is to help the poor!

Hindi required ang malaking halaga, minsan nga, volunteers ang hinahanap nila. You can always offer your time, treasure or/and talent. Alam mo bang maraming grupo ang naghahanap ng volunteers? Kung may oras ka sa weekends, sumali ka sa outreach programs nila.

Kung kasali ka naman, maaari ka ring mag-akay ng iba pang kaibigan sa activity niyo. Malay mo, all they need is your invitation.

There is always a way to help, and a reason to refuse.

Let me close this chapter with a story. Meet Mang Rogelio. Mang Rogelio is half-paralyzed. As of this writing, tumutulong siyang magwalis sa loob ng parokya. Dala-dala

niya ang maliit niyang tindahan na naka-attach sa bike. Sa tuwing deadly hours or walang bumibili, nagwawalis siya nang buong puso.

Hawak ang walis tingting, masaya siyang nakikiisa sa paglilinis sa parokya. Kalahati ng katawan niya ang mahina, pero tumutugon siya. Nakatira siya sa isang maliit na bahay (na halos kama niya lang ang kasya) na pinagawa lang rin ng mga madre sa kanya. Sa kabila ng lahat ng kahirapan nito, nakita siyang nag-aalay sa Misa ng kaunting kinita niya.

Ito 'yung mumunting real life events na minsan hindi natin napapansin. Bakit hindi tayo tumigil pansumandali, magpaubaya sa daloy ng oras at panahon at subukang i-appreciate ang bagay at pangyayari sa palagid. Baka sa mga panahong ito natin malaman na marami pa pala tayong hindi na gagawa at kailangang gawin.

Ikaw, ano ang kaya mong ihandog sa Panginoon? 'Wag mong tapusing basahin ang librong ito nang walang ginagawang aksyon. Tandaan, kaya mong tumulong kahit sa maliit na paraan.

Share or tweet your reflection about this chapter, please? 😊

4: Seenzoned, bes.

Dahil sa advanced technology, marami na ring applications ang maaaring ilagay sa ating device. Pinakaraming download ang mga apps na tungkol sa pagpapadala ng mensahe.

Araw-araw, marami tayong naipapadalang mensahe sa ating mga kakilala, whether verbal or non-verbal, itong mga mensahe na ito ay maaaring makapagpasaya o hindi sa ating kapwa.

Kaya lang, ang hirap siguro sa pakiramdam na magpadala ka ng mensahe tapos walang sagot or reply? Isang term para dito ang seenzoned. Nakita o nabasa, pero hindi sinagot. Walang reaction. Sad no? Don't worry! May good news pa rin. Read on.

One Message Received

Mag-throwback tayo. Kung batang 90's ka, usong-uso noon ang pagpapadala ng message sa kaibigan gamit ang text message. Limitado pa nga ang characters noon. Simpleng black and white phone lang rin ang gamit ng middle class na tulad ko. Noong kabataan ko, masaya na akong magpa-load ng thirty pesos isang beses sa isang linggo. Pag-iipunan ko pa 'yun mula sa isang linggo kong baon. Tuwing Biyernes ako nagri-register sa unlimited text promo ng network ko dahil prepaid user lang naman ako. Dalawang araw lang ang unlimited text promo na iyon kaya naman sakto, kasi tuwing weekends, makakapag-text ako sa mga kaklase ko (na araw-araw ko namang nakikita).

Usong noon ang “Send to Group” na feature sa mga cellphone. Dahil bata pa naman kami noon at maraming oras, gagawa kami ng “group” kuno at maghahanap ng mga miyembro. Para makasali, kailangan mag-text sa “founder” ng clan ng personal information ng aspirant. Kapag na-approve na ng “founder” ‘yung registration, ipapadala na ng “secretary” ng group ‘yung code name at number ng new member sa lahat ng members.

Bilang pagpapakita ng hospitality, magpapadala lahat ng lumang miyembro ng “welcome message” sa bagong member. May mga oras na magpapadala kami ng mensahe sa buong grupo, katulad ng bati sa umaga, tanghali, at gabi. Minsan, nangangamusta kahit hindi kilala ang mga ibang miyembro. Parang tipikal na grupo lang ng mga hindi magkakakilala. Sa kabila nito, mayroong sense of belongingness ang lahat.

Text messaging ang uso noon. Hindi pa uso ang kahit anong social media platforms.

Social Media at iba pang Apps

Ngayon, marami nang nagbago. Mas babad na ang karamihan sa Facebook, Twitter, at Instagram. May access naman kasi kami sa WiFi, kaya hindi ko na kailangang magpadala ng text message sa iba. Madali na lang magpadala ng private at direct message sa ibang tao. Kung hindi naman nagmamadali, mas convenient mag-send ng PM (private message) at DM (direct message) sa iba.

Ngayong panahon ng trending at hashtags, unti-unti nang nawala ang tradisyon ng pagpapadala ng text message. As of this writing, wala pang nagpapadala ng text sa akin bukod sa reminder ng network ko. Hindi na number one means of communication ang text message. Mas mura namang tumawag sa iba dahil sa promos ng iba’t ibang network.

Kung makatanggap man ako ng text message, urgent questions ito para sa Youth Ministry. Inquiries ito ng mga kaibigan ko sa parokya. Contact person kasi ako minsan kapag may mahahalagang event na kami ang nangunguna. Hindi na ako naghihintay ng kahit anong text message. Mahirap umasa, masasaktan ka lang.

Sa pinakamadaling salita, wala na rin masyadong nagpapadala ng mga mensahe sa text. Bibihira na lang sila. Kaya isang araw, nagulat ako nang makatanggap ako ng isang random text sa phone ko. Galing sila sa kaibigan ko.

Text #1. It doesn’t matter what happened in your past, what the naysayers said about you and the things that tried to hold you back. All of them have no power to affect you as long as you don’t want. The power to sustain changes is in Jesus. You are destined to live a NEW LIFE in Him!

Text #2. As you go about your day, watch how the Lord pushes you gently here & there, little by little, to give more of yourself to the people around you. That's how he makes you holy! Lord, use me. Amen.

What's in the text?

Ang unang message ay tungkol sa empowerment na bigay ni Hesus. Dito, pinapaalala na tayo ay nakatadhana na mabuhay kasama niya. Sa ikalawang message naman, pagpapaalala ito na dapat maging instrumento tayo ng Diyos para sa iba. Nakakatuwa na ang dalawang mensaheng ito ay magkakaugnay sa isa't isa. Tila may sinasabi ang mga mensaheng ito na patuloy na nagpapaalala sa akin na 'wag sumuko sa hamon ng buhay.

Lahat tayo nakakaranas ng ups and downs sa buhay. Minsan nga, mas marami na nga ata 'yung downs kesa ups. Kung tutuusin, sa mga 'downs' ng buhay, kailangan natin ng pampatibay. Ang cute ng paraan ni Lord ng pagpapaalala sa atin na maging matatag.

Pwedeng may comforting message siya sa pamamagitan ng uplifting words ng katrabaho natin, sa isang inspirational quotes sa sticky notes na galing sa kaibigan natin, at minsan nga sa mga lugar na hindi natin aakalain na magiging makahulugan. All we have to do is to appreciate it! I-like natin 'yung mga happy thoughts/messages na binibigay sa atin.

Sa panahon ng pagsubok sa buhay, minsan, ang kailangan natin ay isang paalala na magiging maayos rin ang lahat. Kailangan lang natin ng kaunting push para magpatuloy.

We all need an uplifting message.

Minsan, kapag masyado nang mabigat ang buhay mo dahil sa problema, tandaan mong may mga paalala si Lord na minsan, hindi lang natin naalala. Lagi kaya siyang may "text" sa atin. Siya kasi ang "founder" ng lahat ng bagay. Hindi na kailangan ng "registration" o "membership fee." Ang tanging hinihingi niya lang ay panahon natin.

Palagi tayong pinapadalhan ng direct message ni Lord. Mas madalas lang na "ma-seen" natin ang mga mensahe nito. Kapag masaya kasi tayo, minsan, nakakalimot na tayo sa kanya. Kapag malungkot naman tayo, lalapit na. Lahat tayo guilty roon. Buti na lang may grasya at awa ng Diyos para sa katulad nating makukulit at pasaway niyang anak.

Laging may panahon si Lord na magpadala ng text sa atin. Lagi siyang nakahandang magbigay ng "push" sa mga panahong "pull" na lang ang kayang i-offer ng mundo.

Seenzoned

Sa totoo lang, araw-araw naman tayong pinadadalhan ng message ni Lord. Sa pamamagitan ng Misa, naririnig natin ang mga Salitang tunay na nagmula sa kanya. Ito ay nasa Liturgy of the Word sa Misa. Pero bukod sa Misa, may iba pang paraan si Lord para bigyan tayo ng mensahe. Kaya lang, mas madalas “seen” o binabalewala lang natin ang message na ito. Hindi tayo nagre-reply. Hindi nga natin minsan binubuksan ang message. Notified man tayo, hindi pa rin natin pinapansin. Buti na lang hindi sumusuko ang Diyos sa pagbibigay ng mensahe sa atin!

May oras na pinapadalhan tayo ng message ni Lord. Ang best message na ito ay nakasulat sa Bibliya. Sobrang effective ng mga mensahe na padala ni Lord. Ito ang mensahe ng isang Amang mapagmahal. Sa mga mensaheng ito, mararamdaman natin na hindi tayo nag-iisa sa mga sandamakmak na ‘downs” sa buhay.

Kaya lang, hindi lahat ng tao ay aware sa mensaheng ito ng Diyos. Panay lang tayo hingi sa kanya. Minsan, dumadaan lang tayo ng simbahan kapag may problema tayo. Minsan, nagdadasal lang tayo bago ang exam sa school, o kung may biglang kailangan sa bahay. Panay lang tayo dasal. Panay lang tayo ang nagsasalita sa tuwing nakikipag-usap tayo sa Diyos. Kailangan nating tandaan na ang panalangin ay two-way process.

Hindi naman masama manalangin. Hello, syempre, sa paraang iyon tumitibay ang pananampalataya natin. Pero, try mo ring tumahimik sandali at makinig sa message ni Lord. Sa Bibliya sinabi ni Lord ang mga message niya sa iyo. Hindi talaga natin maririnig ang totoong boses ni Lord, pero mararamdaman mo ang awa, grasya, at pagmamahal niya sa pamamagitan ng pagbabasa ng Bibliya. Yes, tama! Sa Bibliya!

Paano ba basahin ang Bibliya?

Una, buksan mo lang ang Bibliya. (Joke!) Syempre, hanapin mo muna ang bible na swak sa iyo. Ito ‘yung Catholic Bible. Malalaman mong Catholic ang Bible kung may **Imprimatur** ito sa mga unang pahina nito. Ito ay katunayan na ang nakasulat sa loob ay pawang sinasang-ayunan ng simbahan. Pangalawa, may mga bible guide kang pwedeng gamitin sa pagbabasa nito. Katulad sa Misa, mayroong first reading, at psalm na pwede kang basahin. Syempre, ‘wag mo ring kalilimutan ang gospel o ebanghelyo sa araw na iyon. May mga bible diary ring mabibili sa bookstores o Catholic bookstores. Ang bawat page sa Bible Diary na ito ay may reflection tungkol sa gospel sa araw na iyon. May mga Bible Diary na para sa young ones, at meron sa medyo young ones.

“Wala po akong time magbasa ng Bibliya. Paano po ‘yun?” Ito ‘yung question na pwede mong isipin habang nasa chapter na ito. Recommended na maghanap ka ng isang consistent na oras at lugar para sa Bible Reading at Devotion mo. (Yes, ginamit ko ang salitang devotion, kasi hindi ka lang magbabasa ng Bible, magdadasal at magninilay ka rin. Commit ka na rito, bes!) Pwede kang magbasa pagkagising mo sa umaga. Bago ka

mag-check ng notifications mo sa social media accounts mo, magbasa ka muna ng notifications ni Lord sa iyo. Pwede ka ring maghanap ng isang lugar para sa pagbabasa.

Hindi natatapos ang pagninilay sa pagbabasa mo ng Bibliya. Maganda ring magbahagi ka ng ilang striking words mo sa iba. Ibahagi mo ang verse of the day mo sa social media. May mga taong kailangan ng uplifting words, baka sa verse na iyon, makatulong ka. Maaari ka ring magkwento sa iba—sa kaklase mo, katrabaho mo, o sa pamilya mo.

Alam mo bang may Bible Sharing Group sa simbahan? Ang grupo o ministry na ito ay binubuo ng mga miyembrong nagbabasa ng ebanghelyo para sa Linggong iyon, at nagbabahaginan tungkol dito. Please, kung binabasa mo ‘tong part na ‘to, I strongly suggest that you seek this group in a parish near you. Sobrang nakakatulong.

Ang Challenge?

Maraming distracting message ang nababasa at naririnig natin sa mundo. Subukan mong tumahimik sandali. Basahin mo ang mensahe ng Diyos para sa iyo. Pakinggan mo siya, nang maging masaya, fulfilled, at satisfied ka. Sa katahimikan natatagpuan ang kapayapaan na hindi matatagpuan sa magulong mundo.

Para magnilay sa chapter na ito, open your bible now. Share an inspiring bible verse on your Facebook account. Spread God’s word. ☺

5: What’s on your mind?

Ang effective talaga ng ganitong tanong: “What’s on your mind?” Eksakto kasi ‘yung tanong para ilabas mo talaga ‘yung nasa isip mo. Ito ‘yung tanong na mailalabas mo lahat ng hinanaing sa ilang pagkakataon. Kaya nga, sa ganitong instance, masasabi kong ‘yung posts natin minsan sa newsfeed ay parang roller coaster. Masaya minsan, malungkot naman kinalaunan. Maraming feels!

Feeling empty

Bilang mga youth ministers sa simbahan, palagi kaming pinaaalalahanan ng aming Spiritual Directress na mangumpisal. Syempre, hindi namin maibabahagi ang mga bagay na wala kami, ganoon rin sa pananampalataya. Paano kami makakapaglingkod sa mga kabataan kung kami mismo ay walang matibay na relasyon sa Diyos.

Kaya lang, bilang isang lingkod at isang manggagagawa sa isang mundo ng kapitalismo, mahirap magkaroon ng oras para mangumpisal. Hindi ko ito mahanapan ng oras at panahon dahil nga busy ako sa trabaho sa school. March na noon, kaya sobrang abala

kaming kailangang ayusin at gawin sa school. Gawaan na kasi ng grades ng mga bata, kaya sobrang hirap maglaan ng oras sa kumpisal. Pagkatapos kasi ng oras ng trabaho, pagod na pagod na ako. Oo na, marami lang akong excuses.

Bukod sa trabaho ko sa sa school, kailangan ko pa ring gawin lahat ng side lines ko. Ito naman 'yung trabaho na kung saan nagsusulat lang ako, pero hindi naman ako ganoon kapagod. Kaya lang, kumakain ito ng oras ko. Marami akong kailangang isulat na article para sa iba't ibang boss ko.

Nakuha ko pang mag-proofread ng mga sinusulat na kwento ng kaibigan ko. Punong-puno na ang schedule ko kaya hindi ko na alam kung saan ilalagay ang iba ko pang gawain. Sa dami ng kinuha kong trabaho, sobrang nawalan na talaga ako ng oras mangumpisal.

Nakakalungkot na dahil sa dami ng tinatrabaho ko, nawalan ako ng oras na gawin ang ilan sa mga responsibilidad ko sa simbahan. Nawalan ako ng oras na dumalo sa weekly meetings. Nawalan ako ng oras para dumalo sa ilang formation at bible sharing namin.

Basically, nawalan ako ng oras para sa espiritwalidad ko. Natuon lahat ng atensyon ko sa mga trabahong kinuha ko. Nagsisimba naman ako, kaya lang, sobrang guilty na hanggang dito na lang talaga.

Feeling Tired

Dumating 'yung oras na sadya na lang napagod 'yung katawan ko sa dami ng ginagawa ko. Isa na lang akong empleyado na hindi matulungan ang kanyang sarili. Marami akong ginagawa, pero pakiramdam ko, parang may kulang. Palaging may kulang. Nakaramdam ako ng pagkauhaw sa 'di malamang dahilan. Feeling empty at tired, ikanga sa Facebook.

Dito ko naisip na para bang naramdaman ko ang total darkness. Hindi ko lubos maisip o mawari kung alin ang mali, saan ako nagkulang, o ano pa ba 'yung hindi ko nagagawa? May oras na wala nang pumapasok sa isip ko. Distracted man ako ng newsfeed sa Facebook, videos sa Youtube, at sari-saring kwento sa Wattpad, wala namang satisfaction ang nakukuha mula rito. Parang walang laman 'yung puso ko. (Hugot!)

Sa dami ng ginagawa ko, hindi ko pa rin maramdaman ang kasiyahan ko katulad noon.

Feeling incomplete

Dahil sa kawalan na naramdaman ko, wala akong nagawa kung hindi bumalik sa dati kong sistema. Iniwan ko ang ilan sa mga trabaho ko. Tatal, hindi naman ako fulfilled at

masaya doon. Dahil nabawasan ako ng gagawin, nakahanap na ako ng oras para mangumpisal. Pakiramdam ko kasi, ito na lang ang kailangan kong gawin.

Isang random na araw, umuwi ako sa bahay nang mas maaga. Nagkaroon ako ng oras para magsimba sa simbahan na malapit sa amin. Nang matapos ang Misa, nag-usap kami sandali ng spiritual directress namin sa Youth Ministry. Sa totoo lang, nagulat siya nang magsimba ako ng weekday. Unusual daw kasi, at hindi niya inaasahan kasi nga lagi kong sinasabing may trabaho ako. Iniisa-isa ko lahat ng excuses ko.

Ayun, nakwento ko sa kanya lahat ng nararamdaman ko. Ang tanging payo niya sa akin ay manahimik. Heto 'yung exact words na sinabi niya. "You should find light in times of darkness. Even if there's little light, you should search for it." Noong sumunod na raw, sinunod ko siya. Naghanap ako ng flashlight at kandila. Haha. Joke. Minsan talaga, kailangan mo ring mag-log out muna sa lahat ng social media accounts, at lumabas ng bahay para magkaroon ng totoong kausap. Hindi 'yung virtual lang na conversation.

Pilit kong hinanap ang liwanag sa dilim na kinaroroonan ko noong mga panahong iyon.

Feeling excited: The Power of Confession

Dahil sa sobrang willing na akong humanap ng oras para mangumpisal, umalis ako sa school nang mas maaga. Dumaan ako sa Immaculate Conception Cathedral sa Pasig. Dumalo muna ako sa Misa. Pagkatapos ng Misa, pinatay ang ilang ilaw sa loob ng simbahan. Nakabukas lang ang ilaw sa may altar. Pagkatapos, nakapila na ang mga tao para mangumpisal.

Sa totoo lang, hindi ko inaasahang mailalabas ko lahat ng hinanakit at sama ng loob ko kay Father. (May trust issues kasi ako kahit sa pari.) Nakakahiya kaya. Tao rin naman si Father, bakit sa kanya ko pa sasabihin lahat ng kasalanan ko? Paano kung may mutual friends pala kami? Paano kung ikwento niya sa iba? Actually, sobrang nakakahiya.

Pero tandaan nating sa pamamagitan ng Sakramento ng Kumpisal, pinatatawad tayo ng Diyos. Sa pamamagitan ng pari, tayo ay pinatatawad niya. Ang tanging hinihiling lang ng Diyos sa atin ay ang patuloy na pagbalik sa kanya. Inaasahan niya tayong umasa sa kanya.

Palagi tayong hinihintay ng Diyos na bumalik sa Kanya. Hinihintay niya tayong umasa sa awa at biyaya niya. Sa panahong hindi mo na alam ang gagawin mo, at direksyon ng buhay mo, magbalik-loob ka lang sa Diyos, everything will follow. Sadyang may oras talagang akala natin kaya natin ang lahat. Tapikin mo ang sarili mo at paalalahan na magbalik-loob sa Diyos. Magpakababa.

Sa pamamagitan ng kumpisal, ako ay napagaling, nabago, at napatawad.

Ang kumpisal ay maaaring tumagal lang ng sampung minuto. Hindi ko nga alam kung bakit parang hirap na hirap akong hanapan ng oras ito. Maraming simbahan naman ang may kumpisal araw-araw. Marami namang pari ang pwedeng mag-adjust ng schedule.

Maaari magbago ang pakiramdam mo sa loob ng sampung minutong gawain na iyon.

Nakakatuwa lang na kahit nasasaktan ka na, kahit hindi mo alam kung anong sanhi ng sakit na ito, basta bumalik ka lang sa Diyos, magiging maayos ang lahat.

Tuwing nagkakasala tayo, napapalayo tayo sa Diyos. Kaya, sa pamamagitan ng pangungumpisal, tayo ay bumabalik sa layon ng Diyos para sa atin. Lagi lang siyang nand'yan at naghihintay sa pagbabalik natin. Kailangan lang natin humakbang papunta sa kanya.

Feeling happy

Sa totoo lang, punong-puno ang mundo ng gratifying objects para sa atin. Sa Facebook newsfeed pa lang, marami kang makikitang posts tungkol sa mga kaibigan mong nagpunta sa ibang bansa. May mga mamahaling pagkain pa nga ang nasa Instagram accounts ng ilang kaibigan mo.

Minsan, nakakainggit rin na makita na bakit kaya ang saya-saya nila? Minsan ko nang natanong si Lord noon. "Lord, bakit po ang perfect ng buhay nila?" Dahil sa inggit ko noon, nagtrabaho ako nang nagtrabaho. Sa proseso, nakalimutan ko naman ang sarili ko. Nakalimutan ko na rin ang personal na relasyon ko sa Diyos.

Ang tunay na fullness at satisfaction ay sadyang matatagpuan lamang sa Panginoon. Hindi natin ito mahahanap sa bagay, o sa kahit kanino pang tao. Sabi nga sa Matthew 5:12, "Rejoice and be glad, for great is your reward in Heaven." Chill lang! 'Wag papadala sa stress at pressure ng buhay. Take it as a challenge. Work hard and pray hard. Everything will be perfect according to God's plan.

Ikaw, anong status mo ngayon? Feeling happy? Feeling blessed? Share your thoughts on your Facebook newsfeed. Who knows, baka may taong nangangailangan ng uplifting words today.

6: Travel Goals

Karamihan ng nakikita kong posts sa newsfeed ay about #TravelGoals. Sa dami ng nag-po-post tungkol sa travel goals, nakakaengganyong pumunta sa iba't ibang lugar. Mayroon kaming ganitong "travel goals" sa simbahan. Ang tawag dito ay pilgrimage.

Taon-taon kaming may pilgrimage sa aming simbahan. Kadalasan, August ito ginagawa dahil ito 'yung buwan sa parish namin na walang masyadong activities. Sinisigurado namin ng lola ko na makakasama kami dahil August ang birthday niya at ang pagsama namin sa pilgrimage sa pagdiriwang ng special day niya.

Malayo ang pinupuntahan ng pilgrimage na ito. Nakapunta na kami ng Bataan, Batangas, Tarlac, Ilocos, at Pangasinan. Ang pinakamalayo na ata naming pupuntahan ay sa Bicol. Ang layo ng Bicol sa Taytay, Rizal. Kaya naman, hirap rin akong magbayad ng pamasaha at ilang fees. Hindi lang naman pamasaha ang babayaran, kailangan ko ring magbaon ng pera, magbaon ng pagkain ko at ng mga kasama ko.

August ang season ng kahirapan sa buhay adult ko dahil nga nagbabayad ako ng tuition sa graduate school. Idagdag pa dito ang pagbabayad ko ng birth certificate para sa kukunin kong passport sa buwan ng August. Kababayad ko lang rin ng insurance noong mga panahong iyon.

Ang hirap maging adult! Nabawasan na rin 'yung ilang sidelines ko kasi nga kinakain nito 'yung oras ko at nababawasan 'yung oras ko sa paglilingkod. Syempre, bilang changed woman, I choose to spend my time with what matters most. Naks.

Sumuko na ako sa thought na sumama sa pilgrimage naming ito. Pinalipas ko na lang. Pinagpaubaya ko na lang. Sa totoo lang, okay lang rin naman sa akin na hindi sumama dahil marami rin akong ginagawa sa simbahan at sa trabaho. Kaya ko namang pumunta mag-isa roon kung gugustuhin ko. Okay lang naman na hindi ako sumama kasi marami na rin naman akong napuntahang lugar.

Sa kabila ng comforting words na ito, na-realize kong kailangan kong sumama.

Click to see more.

Sa kabila ng maraming negative thoughts ko sa buhay, napag-isipan ko pa ring sumama. Sayang 'yung chance at opportunity to pray while travelling. Isang buwan na lang ang natitira bago ang pilgrimage pero hindi pa rin ako nakakasama sa orientation at hindi pa rin ako nakakapagbayad ng registration fee. Sobrang shaken na 'yung faith ko kasi nga nagdadalawang isip na ako kung sasama ako o hindi. I want to see more of Jesus pero wala talaga akong resources.

Sa pilgrimage kasi ako nakakapagnilay sa buhay-buhay. Oo, nagsisimba naman ako tuwing Linggo, pero para sa akin, namumukod-tanging danas ang pagsama sa pilgrimage. Sa totoo lang, nagkaroon ng change of heart (and mind) dahil naalala ko 'yung goal kong sumama ng pilgrimage dahil sa sacrifice, reflection, and spiritual journey.

Kaya naman, two weeks before the pilgrimage, nagsabi na ako sa coordinator namin na sasama talaga ako ng pilgrimage. Dumalo ako ng orientation kahit hindi ko alam kung saan ko kukunin 'yung pambayad ko. Hindi na sasama si Lola sa akin sa Bicol dahil lagi naman siyang nakakapunta roon dahil taga-roon naman kami. Going back, nasama ako sa listahan ng mga sasali sa pilgrimage.

A week before the payment deadline, wala pa rin akong nahahanap na pambayad. Isang araw, Tuesday, bago ako umalis papunta sa trabaho, bumulong ako pagkalabas ko sa bahay. Sabi ko, "Lord, pahingi namang 2,000." Paulit-ulit kong sinabi ito sa isip ko. Halos kantahin ko na nga as a chant para maka-absorb ng good and positive vibes. Then, umalis na ako. Sabi nila, kapag paulit-ulit mo raw inisip at inasam ang bagay, mangyayari raw ito. (Sabi nila ha, pero depende pa rin sa tao at sitwasyon ito. Haha.)

And you know what, everything that I need was given that day!

God is full of surprises!

Katulad nga ng nabanggit ko sa taas, may mga sidelines na akong binitawan dahil masyado nitong nakakain 'yung oras ko na sana inilalaan ko na sa simbahan at sa paglilingkod kay Lord. Pero, may mga one-big-time sidelines naman ako na hindi binitawan katulad na lang ng pagsusulat ko ng e-book about sa pagpapapayat. (Wow ha. Coming from me? Haha.) Around 20,000 words 'yung nasulat ko. Ang bait rin ng nagpagawa noon at masyadong too good to be true ang presyo kaya inisip ko na lang na baka naman scam 'yon. Kahit may pagdududa ako, tinapos ko pa rin 'yung trabaho at pinasa sa boss ko on time.

Surprisingly, hindi pala. Noong umaga pa rin ng Tuesday, binulong ko kay Lord na, "Lord, pahingi namang 2,000." Two thousand kasi ang bayad sa pilgrimage noon. Paulit-ulit kong sinabi 'yon ng umagang iyon. Pagdating ko sa school, nag-check ako ng laman ng bank account ko. Nagulat akong nagbayad na pala siya. Dumating na 'yung pambayad na hinihingi ko, at surprisingly (grabe, dami kasing surprise), more than two thousand pa 'yung natanggap ko. Mataas pala ang palitan ng peso to dollar noong season na iyon kaya naman nagulat ako nang makatanggap ng higit pa sa hinihingi ko.

Continue reading...

Three days before the pilgrimage ako nakapagbayad ng registration fee. Sa awa naman ng Diyos, binigyan niya pa ako ng higit sa kailangan ko. May natanggap pa akong pabaon na hindi ko inaasahan. May pambili na rin ako ng pasalubong. Natuloy akong sumama sa pilgrimage dahil sa awa talaga ni Lord. Kung ako lang talaga, wala namang

mangyayari. Powerful talaga si Lord. Kaya niyang ibigay ang mga bagay na higit sa ating nalalaman, pinaplano, o kahit pa pangarapin.

Pero, paano ba nangyari ang lahat? Nagbigay si Lord sa mga panahong tumigil na akong umasa sa sarili kong kakayahan. Naniniwala ako na sa oras na iniasa mo na sa kanya ang lahat, siya namang magiging daan para sa walang sawa niyang pagpapala.

When I stopped relying on myself, God made the impossible possible.

Ito 'yung hindi ko makakalimutang sandali sa pilgrimage journey ko. Ma-pride kasi akong tao at mataas ang tingin sa sarili. Minsan, nakakalimutan ko nang humingi. Minsan, nakakalimutan ko na ring magpaalalay. Minsan, nakakalimutan ko nang pwede pala akong humingi ng tulong sa iba. Kailangan ko pa ring umasa sa Diyos! Kailangan ko ring umasa sa pamilya at kaibigan ko sa panahong kailangan na.

Sana ikaw rin na nagbabasa nito, maalala mo pa ring umasa sa Diyos. Dedicate yourself to God. If there are times that you need help, call for Him. He will surely provide what you need. Remember, he is the great provider and He will never let you down.

Post number 6. Saan mo gustong pumunta at bakit? Will it really make you happy and satisfied? Share your thoughts in a blog post, or any social media platforms.

7: Newsfeed: Following the Positive Thoughts!

We all have that friend who always posts about every single detail of her life. Lahat na ata ng nangyayari sa buhay niya ay kailangan niyang i-post. Pagkagising sa umaga, selfie. Kakain ng almusal, selfie. Morning jog, selfie. Hanggang sa pagtulog niya, selfie. Ultimo playlist niya, selfie. Lahat na ng pagkain niya, kailangan makuhanan ng larawan.

Siguro, napuno ang newsfeed natin ng mga posts ng selfie sa social media. May mga travel goals, love life goals, and student's goals, at lahat ng uri ng goals! Minsan, nakakasawa ring makita 'yung ganito. Kaya lang, kaya naman sila lumalabas sa newsfeed natin ay dahil sa algorithm na rin na kung saan lumalabas sa feed natin ang mga post ng taong ka-close natin o mga taong palagi nating kausap.

Wala tayong magagawa kundi makita ito sa newsfeed dahil kaibigan natin sila. Unless, you unfollow them. Well, wala naman tayong masamang pinakakahulugan sa ganoong gawain, kaya lang, nasa pagtanggap talaga natin ito, at kung anong reaction natin.

Ako, I used to unfollow people who post negative stuff. Like, hello. Ang saya kayang mabuhay online kung makakakita ka lang ng positive thoughts! Masaya lang. Walang sad moments. Wala ring negative. Walang post ng parinig, away, at iba pa.

Me to my newsfeed: "Let's try talking about positivity! Why not post something uplifting." Kaya lang, ang hindi ko napapansin, kaya pala ako ganito ay dahil ako pala talaga ang medyo negative sa buhay. Hindi ko lang nilalagay as status sa social media. Wala sa profile o posts ko ang negativity, naisama ko na ata sa life.

Unlike the negativity.

Akala ko normal lang 'yung feeling na negative 'yung tingin mo sa buhay at sa sarili mo. Even Job felt this way rin. Sabi niya nga, "Life is a thankless job." Nauna pang mag-emote si Job kaysa sa atin! Sa words ng mga millennial, pwedeng sabihing, "Ayoko na. STOP."

Ang negativity ko naman ay tungkol sa trust issues sa talent ko (as what my friends say). Nahihiya lang kasi ako para sa mga bagay na ginagawa ko tulad na lang ng mga libro. Mahirap kasing aminin sa iba na writer ka dahil kapag sinabi mo iyon, parang may "wow" effect na sa palagay ko ay hindi naman talaga impressive. Nakakahiya, in short.

Negative ako when it comes to sharing my talents to others. By others, ang ibig kong sabihin ay 'yung mga taong hindi nakakaalam na nagsusulat ako. Nagsimula akong magsulat ng libro noong 2012. Ito 'yung panahong sikat na sikat 'yung teen romance sa Wattpad, kung saan ako nag-publish ng una kong kwento.

Ang corny ng unang title ng kwento ko. Mas corny 'yung sumunod. Kaya lang, at some point in time, nagkaroon naman ng readers at positive feedback ang mga kwentong ito. Nagkaroon rin naman ng feedback sa mga sumunod ko pang kwento.

Hanggang sa dumating 'yung time na nakapagsulat ako ng 13th Prayer at Paano Mag-move on?. Para sa akin, ang audience ng mga librong ito ay 'yung medyo batang audience ko sa Wattpad. Hindi ko talaga inisip o pinlano na i-endorse 'tong mga libro sa exclusive school na pinagtuturuan ko ngayon. Hindi ko rin naisip na ilako sa graduate school 'yung mga published kong libro. Ewan ko rin ba. Feeling ko, mababaduyan sila.

Absorb Positive Thoughts!

Isang araw, pumunta ako sa principal's office. Kailangan ko kasing lumabas ng school para kumuha ng padala sa mall. Wala pa namang klase at estudyante noon kaya madali lang makapagpaalam na lumabas. Fortunately, andoon rin naman si sister at pumipirma ng maraming bagay. Nagtanong siya kung saan ako pupunta. Sinabi kong kukuha ako ng poster ng book ko. Ipapa-post ko sana sa parish namin.

Nabanggit niya sa akin, "Tapos ko nang basahin 'yung libro mo."

Syempre nabigla ako. Lagi akong nabibigla sa sinasabi niya. Alam kong busy ang mga madre kaya nang malaman kong nabasa niya 'yung libro ko, halos mahulog na ang puso ko. Sabi ko, "Hindi nga, sister. Nabasa niyo po ba talaga?"

Sumagot si sister, "Of course. Maganda nga 'yung story ng bida. Recommended siyang ipabasa sa mga estudyante natin."

"Really!" Joke ko deep in side. "Hala, sister, bakit naman po nila babasahin iyon eh nakasulat siya in Filipino. Context: English kasi ang first language nila."

Sumagot naman siya, "Hindi naman sa wika 'yan. Nasa content."

Nagtanong ulit ako nang full of excitement, "Would you recommend this book po to our students?"

"Of course!" sagot niya ulit. Buti na lang hindi nakukulitan si sister sa akin.

"Alam mo, masyado kang negative," sabi ng madre naming principal sa school.

Nako. Ayan na nga ang sinasabi. Take note of the word negative. Baka ako lang talaga ang negative mag-isip at hindi 'yung in-unfollow ko sa isa sa social media accounts ko.

Sa buong buwan kong pag-aalala ko. Hindi ko lubusang naisip 'yung mga taong nagtitiwala sa akin at sa kakayahan ko. Hindi ba napaka-disrespectful naman sa kanila na nagtitiwala sila sa talent tapos ako hindi. Siguro, it's an eye-opener for me na maniwala sa sarili kong kakayahan.

Ikaw rin. Sa mga panahong negative ang tingin mo sa sarili mo, tumingin ka ulit sa salamin.

Loving the Unloved

Sa pagtingin mo sa salamin, sabihin mo sa sarili mong: "Mahal ako ng Diyos." Tama. Idiin mo pa at ipaalala sa sarili mo 'yan nang paulit-ulit. Pangalawa, sabihin mong: "Nilikha ako ng Diyos dahil may mahalaga siyang misyon para sa akin."

Totoo 'yan. May talent ka na iba sa ibang tao. May uniqueness ang bawat isa sa atin. 'Wag kang negative tungkol dito. Tanggapin mo nang buo. Ipagdasal mo na mapatagumpayan mo ang kahinaang ito. Pangatlo, kapag settled ka na sa negativity mo, i-uplift mo naman ang iba. Tulungan mo ang nanghihina sa mga panahon at oras na ito. Kailangan nila ang motivation at prayers.

Sa buong newsfeed, may mapapansin tayong status na related sa problema (o sa newsfeed ko lang ba 'to?) Pero sa newsfeed ng buhay, makakasalamuha tayo ng mga taong troubled o mabigat ang dalahin. Madalas, hindi sila maunawaan ng ibang tao dahil

sa kakaibang ginagawa nila. Minsan, mainisin sila. Minsan, kung sino pa ang mga galit at mainitin ang ulo, sila pa pala ang may malaking problema!

Ito ang hamon sa atin sa panahon ng social media. Kailangan nating mag-reach out. Kailangan nating yakapin ang mga taong hindi kayakap-yakap sa paningin. Kailangan natin ng mapag-arugang pagmamahal. Hindi sapat na “like” lang. Hindi sapat na i-share lang ang isang bagay. ‘Wag naman sanang mag-comment ng mga hindi nakakatulong.

Kailangan na ng mundo ng isang pusong mapagmahal, maunawain, at may malasakit.

Have you posted any rants on social media platforms lately? Bakit? Why don’t you look for someone na pwedeng kausapin tungkol sa rant mong iyon? Baka kailangan i-address ang problema nang harapan at mas personal.

For Day 7, share positive quotes on your newsfeed. Tag your friends na sa palagay mo ay nangangailangan ng positivity.

May pag-ibig pa ba? (Conclusion)

May pag-ibig pa rin sa panahon ng social media. Hindi ito kayang tumbasan ng pagkalunod mo sa likes. Heto ang simpleng paraan upang ipahatid ang pag-ibig gamit ang social media:

1. Thank God, always! Gamitin ang social media bilang paraan ng pagpapasalamat. Gumamit ng mga salitang pagpapasalamat para sa mga taong hindi mo kayang kausapin. Gamitin itong lunan sa mga usapang malayuan. Mag-post ng uplifting na salita. Mag-share ng mga nakakatuwa.
2. Follow the unloved. Ang hirap mahal in ng mga taong hindi kamahal-mahal subalit kapag nagawa mo na ito, masasabing ikaw ay tunay na Kristiyano. Hindi ang mga may sakit ang pinagaling ni Hesus, remember that. ‘Wag piliin ang mamahalin. (Syempre, ibang usapan na si crushie, at bessy.) I mean, show concern to those people who seem troubled and lonely. Your simple “Hi” can mean a lot for them.
3. Message those who are in need. A simple tweet, maybe, is what they need. A simple personal “smile” may uplift their tired soul. Ang pagmamahal sa iba ay pagmamahal kay Kristo. Kaya friend, itigil na muna ang deadma drama at makinig sa iba.

Sa mga susunod na pahina, isulat mo ang mga pangalan ng taong kailangan ng mga panalangin. Isulat mo sila at ang kanilang intension.

Sa mga susunod na pahina, sumulat ka naman ng isang sulat para sa taong matagal mo nang hindi kinakausap. Gupitin ang pahina at iabot sa kanya.

Sa mga susunod mong status sa news feed, i-bahagi mo sa iba ang reflections o lessons na nakuha mo mula sa librong ito.